Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Sta. Cruz

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-17 NG NOBYEMBRE,1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar ......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison ............ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon ............ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ......... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Ariel T. Magcalas ........... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca ............ | Kagawad nasa lakad opisyal |

### KAPASIYAHAN BLG. 245-T'99

**KAPASIYAHANG INILALAGAY SA ESTADO NG KALAMIDAD ANG MGA BARANGAY NG SANTISIMA CRUZ, SANTO ANGEL CENTRAL, SANTO ANGEL NORTE AT SAN PABLO NORTE SANHI NG PAGKASIRA NG MALAKING BAHAGI NG MGA LUPANG SAKAHAN AT PAGKAMATAY NG MALAKING BILANG NG MGA HAYOP NA DULOT NG NAGDAANG MALAKAS NA PAG-ULAN AT PAGBAHA.**

**SAPAGKA'T**, may kahilingan ang Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban na ilagay sa estado ng kalamidad ang mga Barangay ng Santisima Cruz, Santo Angel Central, Santo Angel Norte at San Pablo Norte dahilan sa pagkasira ng mga pananim at pagkamatay ng mga alagang hayop ng mga mamamayan sa mga nabanggit na barangay, na dulot ng mga nakaraang malakas na pag-ulan at pagbaha;

**SAPAGKA'T**, malaking dagok sa buhay ng mga mamamayan ng mga nasabing barangay ang paglubog ng mga sakahan at di-pag-agos ng tubig-baha na maaaring magdulot ng salot sa kalusugan ng mga mamamayan;

**SAPAGKA'T**, malaking bilang ng mga pagawaing bayan ang nasira at di na magamit;

**SAPAGKA'T**, may patunay ang Pinuno ng Pambayang Tanggapan ng Pansakahan hinggil sa bilang ng mga apektadong magsasaka, hayop at pananim sa nasasakupan ng mga nabanggit na barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon at Bernardo E. Ison at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na ilagay sa estado ng kalamidad ang mga Barangay Santisima Cruz, Santo Angel Central, Santo Angel Norte at San Pablo Norte sanhi ng pagkasira ng malaking bahagi ng mga lupang sakahan at pagkamatay ng malaking bilang ng mga hayop na dulot ng nagdaang malakas na pag-ulan at pagbaha.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Municipal Disaster Coordinating Council, Barangay Santisima Cruz, Barangay Sato Angel Central, Barangay Santo Angel Norte at Barangay San Pablo Sur, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan